# 多言語情報コーナー　　（令和５年　５月号）

## １． *Tungkol sa Bayarin sa Buwis para sa mga Sasakyan.*

Mayroong binabayaran na buwis ang lahat ng mga nagmamay-ari ng sasakyan kada taon tuwing umpisa ng Abril. Ang mga nagmamay-ari ng sasakyan na may displacement na 1600cc pataas ay kailangang magbayad ng Automobile Tax at para naman sa mga mayroong 1600cc pababang displacements ay dapat magbayad ng Light Motor Vehicle Tax.

Pagpasok ng buwan ng Mayo, ang lahat ng nagmamay-ari ng sasakyan ay makakatanggap ng abiso sa bayarin na ito kung saan nakasaad ang halaga ng buwis na babayaran sa Automobile o Light Motor Vehicle Tax ayon sa uri ng pag-aaring sasakyan. Ang huling araw sa pagbabayad nito ay sa katapusan ng Mayo kaya dapat makapagbayad para rito.

Sa mga hindi makakabayad hanggang sa ibinigay na takdang araw ay dapat kumonsulta sa Tochigi Prefectural Taxation Office para sa Automobile Tax at sa Municipal o City Tax Office naman para sa Light Motor Vehicle Tax.

## *2. Tungkol sa Property at City Planning Taxes.*

Mula umpisa ng taon, ang lahat ng mga nagmamay-ari ng lupa, bahay at makinarya o tools na ginagamit para sa hanapbuhay ay kailangan ding magbayad ng Property Tax.
Sa buwan ng Mayo ay makakatanggap ng abiso sa bayarin sa Property Tax mula sa munisipiyo na nakalagay ang halaga ng buwis para sa mga ari-arian.
Ang Property Tax ay maaaring bayaran nang buo o minsanan lamang o maaari ring bayaran nang apat na beses na installment sa isang taon. Ang itinakdang petsa para sa huling araw ng pagbabayad sa unang installment ay sa ika-31 ng Mayo, kaya dapat na bayaran ito hanggang sa nasabing araw.
Bilang karagdagan, ang Unified Q.R Code para sa lahat ng bayarin sa buwis ay naka imprenta na sa mga ipipadalang bayarin para sa fiscal year 2023 gaya ng Property Tax at Light Motor Vehicle Tax upang maaari nang magbayad sa pamamagitan ng mga pamamaraan tulad ng smartphone apps, credit cards o ng internet banking. Kung kinakailangan ng resibo ay dapat magbayad sa munisipiyo, sa convenience stores o sa banko.

### *3. Ang Pagsuot ng Helmet sa Pagsakay ng Bisikleta.*

Noong umpisa ng Abril ng taong kasalukuyan ay inamyendahan ang batas trapiko na naglalayon ang mandatoryong pagsuot ng helmet ng lahat ng sumasakay sa bisikleta. Kaya dapat nakasuot ng helmet tuwing sasakay ng bisikleta dahil ginawang mandatoryo ang pagsuot nito.

Subalit may termino na “Nagsusumikap Sumunod sa Batas” ang maaaring ibigay na dahilan sa pansamantalang hindi pagsunod at hindi mapaparusahan. Gayunpaman, ayon na rin sa mga kapulisan, humigit kumulang 60% ng mga namamatay sa aksidente sa trapiko na kinasasangkutan ng pagsakay sa bisikleta ay ang pagkakaroon ng pagkabagok sa ulo dulot ng hindi pagsuot ng helmet at mahigit 2.1 beses na mataas kesa sa mga nakasuot ng helmet. Kaya dapat magsuot ng helmet upang mabawasan ang posibilidad ng malaking pinsala sa katawan kung magkaroon ng aksidente sa pagsakay sa bisikleta.

Kapag bibili ng helmet ay dapat may tatak kung maaari ng SG mark na nagpapatunay na ito ay ligtas gamitin.

Ang mga helmets ay mabibili sa mga bicycle stores at mga Home Centers.

## *4. Tungkol sa COVID 19*

Sa ika-8 ng Mayo ang COVID 19 ay itatalaga nang “Class 5” Infectious Disease sa ilalim ng Infectious Disease Control Law. Kapag ang isang uri ng sakit o karamdaman ay inilagay na sa ika-5 kategorya ng nakakahawang sakit ay hindi na magkakaroon ng Declaration of State of Emergency at hindi na rin magiging mahigpit sa pagkilos ng mga tao. Karamihan na rin sa mga pagamutan ay magagamit na bilang karagdagan sa mga itinalagang medical institutions para sa nakakahawang sakit at sa mga may lagnat na outpatients. Ang mga gastusing medikal gaya ng pagpapaospital at pagsusuri na dati ay ganap na sinagot ng gobyerno ay bahagyang babayaran na ng pasyente. Ang pagsuot ng facemask ay ibibigay na sa pansariling husga ng indibiwal.

Bilang karagdagan, hindi na rin iuulat ng pamahalaan ang bilang ng mga taong nahawaan sa buong bansa gaya ng ginagawa sa araw-araw. Bilang partikular, ang pagsuot ng facemask ay naayon sa saloobin ng sinuman at hindi na ito pipilitin na magsuot nito labag sa kanyang kagustuhan.

Gayunpaman, ang pagsuot ng facemask ay isang epektibong pamamaraan upang maprotektahan ang sarili at ang iba lalo na kung pumupunta sa mga pagamutan at bibisitahin ang mga may edad at matatanda. Iminumungkahi rin ang pagsuot nito kung sasakay sa mga pampublikong sasakyan gaya ng bus o tren.

Hindi na rin ipag-uutos ng pamahalaan ang mga naging pangunahing hakbang gaya ng pagdis-impekta ng mga kamay, pagbentilasyon ng silid at pag-iwas sa matao at siksikang lugar.

Ipagkakaloob ng pamahalaan ang mga mahahalagang impormasyon sa pagdedesisyon ng mahusay ng indibidwal o maging sa mga lugar ng trabaho at mga establisimento para dito.

Bilang karagdagan, ang lahat ay makakatanggap pa rin ng panibagong vaccination para sa taong 2023 ng libre at walang bayad.

Ang pagpapabakuna sa lahat ay nakatakdang magsimula ssa Setyembre. Hindi ito sapilitan at nasa pagpapasya ng indibidwal kung magpapabakuna ito. Ngunit dapat isaalang-ala ang pagpapabakuna kung nakatanggap ng abiso para dito.